# ALAMAT NG GULUGOD BAKA (SYNOPSIS)
## Maikling Kuwentong Pambata

Dinudumog ng mga taga-Bulawan ang panaderya ni Mang Tibor. Naniniwala kasi silang dito mabibili ang tinapay na paborito ng ermitanyong nagtuturo kung saan matatagpuan ang ginto sa Bundok Gulugod Baka. Isang araw, dumating si Donya Ema at ibinunyag niya sa mga taga-Bulawan na hindi tinapay ni Mang Tibor ang kailangan kundi piko para makuha ang lahat ng ginto sa Gulugod Baka. Noong una, hindi naniwala kay Donya Ema ang taumbayan. Pero nakumbinsi rin sila ng donya sa tulong ng isang taga-Bulawan. Di naglaon, tinibag nang tinibag ng mga tao ang bundok hanggang sa ito'y magmukhang parang gulugod na lamang ng baboy. Sa sigasig ng mga tao, nagawa nilang  paglahuin ang bundok. At nakagawa pa sila ng napakalalim na hukay. Dumating ang isang maladelubyong baha at ang dating bundok ay naging isang malawak na lawa.

# ALAMAT NG GULUGOD BAKA
## (Maikling Kuwentong Pambata)

Sa malayong bayan ng Bulawan, isang mangangaso ang bumili ng tinapay sa panaderya ni Mang Tibor. Binalot niya ito ng tela para baunin sa pag-akyat sa Bundok Gulugod Baka. Hindi pa man siya nakalalayo, sa likuan ng isang matarik na talampas sa bundok, nasalubong niya ang isang matandang nangangatog ang bawat hakbang. Nagmakaawa ang matanda sa mangangaso na kung maaari ay abutan siya ng kaunting makakain at maiinom. Dahil walang ibang baon ang mangangaso kundi ang tinapay, hinati niya ito at ibinigay ang kalahati sa matanda. Sabay nilang inubos ang tinapay. Pagkatapos niyang painumin sa galon ng tubig ang matanda, ang naalala na lang ng mangangaso ay ang bahaging inantok siya. Nakatulog siya at nanaginip. Sa panaginip, itinuturo ng matanda ang isang mabatong bahagi ng bundok. Pagkagising niya, wala na ang matanda. Agad niyang pinuntahan ang bahagi ng bundok na itinuro sa kaniya ng matanda sa panaginip. Tinibag niya ito gamit ang dala-dalang eskopeta. At sa isang hampas ay tumambad sa kanya ang isang gahinlalaking butil ng ginto.

Ang nangyari sa mangangaso ay nangyari rin sa isa pang taga-Bulawan nang sumunod na araw. At sa isa pa. At sa isa pa ulit. Hanggang sa magpasalin-salin sa mga tagaroon ang sikreto kung paano makakatagpo ang matanda sa bundok at mabiyayaan ng gahinlalaking butil ng ginto: hindi nagpapakita ang matanda sa grupo ng mga tao; hindi nagpapakita ang matanda sa mga taong labis sa isang tinapay at isang galon ng tubig ang baon: at kung hindi tinapay ni Mang Tibor ang pagsasaluhan ninyo ng matanda, hindi ka makakatulog at mananaginip sa lilim ng malalagong puno ng Bundok.Gulugod Baka.

Mula noon, lagi nang mahaba ang pila sa panaderya ni Mang Tibor. Hindi pa man sumisikat ang araw, nakapuwesto na ang mga taga-Bulawan na kahit patay pa sa antok ay atat nang bumili ng bagong lutong tinapay. Mula sa panaderyang malapit sa palengke, karaniwang umaabot ang pila hanggang sa paanan ng Bundok Gulugod Baka. Maliban sa perang pambili, dalawang bagay lang ang dala-dala ng bawat suki—isang piko at isang galong tubig. Kadalasan, sa tagal ng paghihintay, ginagawa nilang sandalan ang kanilang piko. Balewala sa kanila ang inip at ngawit ng paghihintay. Balewala rin sa kanila kung napakahigpit ni Mang Tibor sa pagbebenta ng kaniyang tinapay. Isang tinapay lang para sa bawat pumipila—babae man o lalaki, bata man o matanda, mayaman man o…. Siyanga pala, walang naghihirap sa bayan ng Bulawan. Ang nagiging puhunan lang nila sa araw-araw ay isang pirasong tinapay ni Mang Tibor.

Bagaman may kalakihan ang tinapay ay hindi rin naman ito ganoon kasiksik. Kasinlaki ito ng ulo ng isang karaniwang unggoy na gumagala sa Bundok Gulugod Baka, mas magaan nga lamang. At hindi rin masasabing espesyal ang lasa nito. Katunayan, maraming puwedeng ipanlarawan ang mga taga-Bulawan sa tinapay ni Mang Tibor maliban sa masarap. Manamis-namis na maalat-alat na mapakla-pakla na maasim-asim.

“Pinapatakan ng lambanog,” paliwanag ni Mang Basyong, ang manginginom na kapitbahay ni Mang Tibor. “Si Tibor mismo ang nagbunyag sa akin noong nag-iinuman kami.”

“Kalasa ng katas ng kaong,” puna naman ni Aleng Soleng, isang tindera ng suka sa palengke.

“Aminin n’yo na,” sabad ni Mang Imo na may-ari ng isa pang panaderya sa Bulawan, “lasang binurong medyas, ano?  Paa kasi ang ginagamit sa pagmamasa ng arina.”

“’Ku, inggit ka lang, Imo,” pambubuska ni Aleng Soleng.  “Palibhasa, mga ipis at langaw lang ang pumipila sa tinapay mo.”

Pero mas maraming taga-Bulawan ang ang kumbinsidong ang kakaibang lasa ng tinapay ni Mang Tibor ay bunga lamang ng paglamutak ng pawising panadero sa masa ng arina.

Isang madaling-araw, habang tahimik na nag-aabang ang mga taga-Bulawan sa pagbubukas ng panaderya ni Mang Tibor, nagulantang sila sa pagdating ng isang kalesa.  Hindi ang tabing ng kalesa ang nakapagpanganga sa kanila kundi ang kulay nitong kumikinang na ginto.  Tumigil ang kalesa sa tapat ng panaderya ni Mang Tibor. Agad na lumundag mula sa ginintuang kalesa ang kutsero at walang paa-paalam na itinali ang kalesa sa haliging bato ng panaderya.  Ngumisi ang kutsero at pati na rin ang kabayo sa nakapilang taumbayan.  Kumislap ang ginintuan nilang mga ngipin; sapat para masilaw ang mga nasa dulo ng pila.  Hinawi ng kutsero ang tabing ng kalesa at lalo pang napanganga sa pagkamangha ang mga taga-Bulawan.

Nagmamadaling lumabas mula sa kalesa ang isang ginang na nakasuot ng lantay na gintong baro.  Sumingit siya sa unahan ng pila.  Dahil sa pagkagulat, hindi na nakaangal pa si Aling Soleng na laging pinakamaagang pumila.  Pinaasim niya na lang ang kaniyang pagsimangot.  Pero mas maasim ang ganting simangot ng ginintuang ginang.

Kinalampag ng ginang ang panaderya.  Paulit-ulit, palakas nang palakas ang padabog niyang pagbayo sa yerong pinto.  Pero nanatili itong nakasara.

"Magbukas ka na, tamad!"  sigaw ng ginang.  Sabay-sabay na tinakpan ng taumbayan ang kanilang nakabukang mga bibig.

"Buksan mo, sabi, e, bingi!" Kitang-kita ng mga taga-Bulawan ang pag-aso ng ilong ng ginang sa lamig ng umaga.  Sa takot, ilan sa mga nakapila ang tumawag sa pangalan ni Mang Tibor.  Pero nanatiling sarado ang panaderya.

"A, matigas kang tinapay, panadero.  Ang dapat sa iyo, palambutin."

Hindi nagbibiro ang ginang.  Bigla itong naglabas ng isang gintong latigo mula sa ginintuan niyang baro.  Ubos-lakas na hinagupit ng ginang ang kabayo at isang nakabibinging halinghing ang narinig sa lahat ng sulok ng Bulawan.   Halos kasabay nito ang isang napakalakas na kalabog.  Inakala ng maraming lumilindol pero nakita nila ang pagguho ng kalahati ng panaderya ni Mang Tibor.  At naunawaan nilang sa lakas ng pagwawala ng hinagupit na kabayo ay nahatak nito ang haligi ng panaderya.  Pumailanlang sa himpapawid ang mga sigaw, tili, at pag-aalala ng taumbayan.

Hindi nagtagal ang pagkabagabag ng mga taga-Bulawan.  Nang lumapag ang kahuli-hulihang alikabok mula sa pagguho, nagpalakpakan sila dahil nakita nila si Mang Tibor na nakatayo sa harap ng pugon.  Inilalabas niya ang mga unang tinapay para sa araw na iyon.

"Hoy, tanda," sigaw ulit ng ginang na nangangatal na sa galit.  "Bigyan mo ako ng tatlo niyan."

“Pero kailangan mong pumila kagaya ng lahat,” sabi ni Mang Tibor habang nakaturo sa langit ang hintuturo. “At isang tinapay lang ang maaari kong ibenta para sa bawat bumibili.”

Muling iwinasiwas ng ginang ang kaniyang gintong latigo. “Baka naman gusto mong ikaw na ang hagupitin ko nito. Ako ngayon ang nasa unahan ng pila kaya ako ang una mong pagsilbihan. At kayang-kaya kong bilhin pati ang panaderya mo.”

“Ang kailangan lang ng mga taga-Bulawan sa araw-araw,” sabi ni Mang Tibor habang nakaturo pa rin sa langit ang hintuturo, “ay pumila para sa isang pirasong tinapay.”

“At paano ngayon ‘yan?” sabi ng ginang, “Hindi naman ako tagarito.” Walang hudyat nitong pinakawalan ang isang hagupit. Muling napanganga sa sindak ang mga taga-Bulawan.

Walang ginawa si Mang Tibor kundi damputin ang nalaglag niyang pansipit ng tinapay upang mailagan ang latigo. Kaya, pumasok ang dulo ng latigo sa bunganga ng pugon. Agad na tumulay ang init mula sa pugon patungo sa kamay ng ginang. Napahagikgik ang mga taga-Bulawan nang mabitawan ng ginang ang kaniyang ginintuang sandata. Lalo pa silang naghagalpakan sa katatawa nang makitang hinihipan ng kutsero at kabayo ang napasong kamay ng ginang.

Hindi nagtagal ang katuwaan ng mga taga-Bulawan. Sa kanila ibinaling ng ginang ang kaniyang nagbabagang galit.

“Tatawa-tawa kayo diyan, mga hampaslupa,” sabi nito habang isa-isang dinuduro ang mga taumbayan, “Natutuwa na kayo sa gintong gaipot ng manok.  Hindi n’yo yata kilala kung sino ako.”

“Aba’y sino ka nga ba?” tanong ni Mang Basyong, “Basta ka na lamang sumingit sa pila at winasak mo pa ang panaderya ni Tibor.”

Umugong ang “oo nga, oo nga” ng mga taumbayan.

“Ako si Donya Ema,” sabi ng ginang habang maharlikang ikinukumpas-kumpas ang mga kamay,  “Nabalitaan kong may ginto sa inyong bundok. At kung magtutulungan tayo, magiging mas mayaman pa kayo, tulad ko.” Dahan-dahang dumipa si Donya Ema para bigyang-diin ang gara ng ginintuan niyang damit. At para na rin ituro ang ginintuang kalesa sa kaliwa at ang nakangising kabayo at kutserong kapwa may ginintuang ngipin sa kanan.

“Pero dapat munang pumila sa tindahan ni Mang Tibor,” sabi ng isang Bulawan.

“Hindi makukuha ang ginto kapag walang baong tinapay ni Mang Tibor,” susog ng isa pa.

“Kailangang munang managinip sa tulong ng matanda sa bundok,” sundot ng isa pa.

Muling dumipa si Donya Ema sa harap ng taumbayan.   “Anong pila-pila? Anong tina-tinapay?  Anong mata-matanda?  Ang kailangan n’yo lang ay piko.”

Sandaling huminto sa pagsasalita si Donya Ema para pakinggan ang sabayang pagsinghap ng mga tao.  Saka niya itinuro ang Bundok Gulugod Baka.

“Hindi n’yo kailangang malaman kung nasaan ang ginto sa bundok na iyan. Ang dapat n’yong gawin ay tibagin ang bundok para makuha ang lahat ng ginto.”

“Ikaw na lang,” sabay-sabay na bulong ng mga taga-Bulawan at sabay-sabay din nilang iniwan si Donya Ema para tulungan si Mang Tibor sa ayusin ang nasira niyang panaderya.

“Kahit baliktarin ang bundok na ‘yan,” pahabol ni Aling Soleng, “kung wala ang tinapay at ang matanda sa bundok, wala kang mahuhukay na kahit tanso.”

Noon din ay naghanda nang umalis ang napahiyang si Donya Ema. Pasakay na siya sa kaniyang gintong kalesa nang lapitan siya ni Mang Imo. Matapos nilang pabulong na mag-usap, kinuha ni Mang Imo ang kinakalawang niyang piko sa loob ng kaniyang panaderya. Sinamahan niya sina Donya Ema at ang kutsero na umakyat sa bundok. Maghapon at magdamag na nawala ang tatlo.

Kinabukasan, napadungaw sa kani-kanilang bintana ang mga taga-Bulawan. Nakita nila si Mang Imo na nababaliw-baliw sa kabubungisngis. Buong pagmamalaki niyang ipinakikita sa lahat ang isang pirasong gintong na kasinlaki ng kamao. Nakasunod sa kaniya sina Donya Ema at ang kutsero. Sila man ay may sapo-sapo ring gakamaong ginto. Sinadya nilang dumaan sa tapat ng panaderya ni Mang Tibor.

“’Kita n’yo na,” sabi ni Donya Ema sa mga nagmagandang-loob na tulungan si Mang Tibor sa pag-aayos ng panaderya, “ang kailangan lang ay piko.”

Binitawan ng mga tao ang buhat-buhat nilang bato, yero, martilyo, at lagari. Ilang sandali pa, nakapaikot na kay Donya Ema ang lahat ng mamamayan ng Bulawan. Ang bawat isa'y may pikong pasan-pasan.

"Mula ngayon, ang sinumang sasama sa akin sa pagtibag ng bundok," paliwanag ng donya "ay kailangang magbigay sa akin ng kalahati ng gintong kanilang makukuha."

Tumango ang mga tao.  Noong araw na iyon, walang naiwan sa mga bahay-bahay kundi ang mga alagang hayop at si Mang Tibor.  Maging ang mga may sakit ay nagpumilit na umakyat.  Kung dati'y hiwa-hiwalay sila kung gumala sa bundok, ngayo'y pangkat-pangkat na sila. Kaya't nagmukhang taeng dinumog ng langaw ang Bundok Gulugod Baka.  Sa hudyat ng haplit ng gintong latigo ni Donya Ema, sabay-sabay pinatatama ng mga taga-Bulawan ang kanilang mga piko sa bato.

Kinahapunan, lahat ng mga taga-Bulawan ay may uwing gintong kasinlaki ng kalahating kamao.  Maliban siyempre kay Mang Tibor na siyang unang nakapansin na natitipak na ang gulugod ng bundok.  Nagbahay-bahay siya para sabihin sa lahat ang kaniyang napansin.  Ang tanging itinugon ng mga tao sa kaniya ay isang mahabang hikab.

Muling bumalik sa bundok ang mga tao kinabukasan.  At nang sumunod pang araw.  At nang sumunod pa. Hanggang sa ang mga araw ay naipon at naging linggo. Ganoon na nga ang naging takbo ng buhay sa Bulawan:  akyat sa umaga, baba sa hapon.  Maliban siyempre kay Mang Tibor na siyang unang nakapansin na tuwing umaakyat ang mga tao ay bumababa naman sa bundok ang mga hayop tulad ng ahas, usa, unggoy at baboy-damo.  Muli siyang nagbahay-bahay para sabihin sa mga tao ang

kaniyang napansin. At gaya ng dati, lubha silang pagod sa maghapong pagtitibag para pakinggan ang panadero.

Lumipas ang mga buwan at nagpatuloy sa pagtitibag ng bundok ang mga taga-Bulawan. Dahil wala nang bumibili ng gawa niyang tinapay, pinalipas ni Mang Tibor ang maghapon sa pagbabantay ng bahay ng kaniyang mga kapitbahay na halos mapuno na ng ginto. Ginawa niyang libangan ang panonood sa pagbabagong-anyo ng bundok sa saliw ng haplit ng latigo ni Donya Ema. Ang dating bundok na mukhang gulugod ng baka ay unti-unting naging parang gulugod na lamang ng baboy. Hanggang sa ito'y mapatag na parang tiyan ng nakatihayang buwaya. Pero hindi na nag-abala pang magbahay-bahay si Mang Tibor. Hinintay niya na lang na mapagod nang husto ang mga tao at sila na mismo ang tumigil sa pagtibag sa bundok.

Doon nagkamali ng palagay ang panadero. Walang kapaguran ang mga taga-Bulawan sa pagtibag. Hindi na nga nila napansing wala na silang mahigaan sa kanilang pamamahay. Sa ginto na sila natutulog at humihilik.

Paglipas ng ilang taon, dumating ang sandaling kinatatakutan ni Mang Tibor. Isang tanghaling mapipintog at maiitim ang ulap sa kalangitan, nakita niyang palakad-lakad sa lansagan ang isang matanda. Nangangatog ang mga hakbang nito habang palingon-lingon sa gawing kinaroroonan ng Bundok Gulugod Baka. Pero wala na ang bundok! Sa halip, isang napakalawak at napakalalim na hukay na puno ng mga tao ang matatanaw. Sa gitna ng hukay, iwinawasiwas ni Donya Ema ang kaniyang gintong latigo. Kumakalantog, kumakalating, kumakalatong pa rin ang pagtama ng piko sa mga bato.

At nagsimulang pumatak ang ulan.  Noong una'y mahina kaya't nagawa pang sigawan ni Mang Tibor ang kaniyang mga kapitbahay.  Pero gaya ng dati walang nakinig sa kanya.  Tumalbog-talbog lamang ang alingawngaw ng kaniyang sigaw sa napakalawak at napakalalim na hukay.  Lumakas nang lumakas ang ulan hanggang sa maging parang gahinlalaki ang bawat patak nito.  Noon lamang naisipan ng mga taong umahon mula sa hukay.  Pero huli na ang lahat.  Isang maladelubyong baha ang pumuno sa napakalawak at napakalalim na hukay na ginawa ng mga taga-Bulawan.

Nang tumigil ang ulan, walang natira sa bayan ng Bulawan kundi ang panaderya ni Mang Tibor at ang isang napakalawak at napakakinang na lawa.  Di nagtagal ay tinawag itong Lawang Gulugod Baka.  At bawat manlalakbay na mapapadpad sa bayan ng Bulawan ay napapakamot ng ulo sa pagtataka kung bakit tinawag nang ganoon ang isang pagkalawak-lawak at pagkakinang-kinang na lawa.